
# FILIPINO 1

## Quarter 2 Week 4

# Pagtukoy sa Kahulugan ng Ugnayang Salita-Larawan



Sa araling ito, inaasahang

1) matutukoy mo ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan; o kasalungat; at

2) mabibigkas mo nang wasto ang tunog ng bawat letra sa Alpabetong Filipino.



Ang kahulugan ng mga salita ay makikilala ayon sa pagbibigay ng **kasingkahulugan** at **kasalungat** nito.

# Salitang magkasingkahulugan

Ang kasingkahulugan na salita ay salita na magkapareho o magkatulad ang kahulugan at ibig sabihin.

# Magkasingkahulugan

| | |
|---|---|
| munti | maliit |
| maligaya | masaya |
| marikit | maganda |
| maalinsangan | mainit |
| mahalimuyak | mabango |

# Salitang magkasalungat

Ang kasalungat na salita ay salita na magkaiba at magkabaligtad ang kahulugan.

# Magkasalungat

| | |
|---|---|
| malaki | maliit |
| malungkot | masaya |
| pangit | maganda |
| presko | mainit |
| mabaho | mabango |

Bukod dito, may iba pang paraan upang matukoy ang kahulugan ng salita. Ito ay pagtukoy sa kilos, ekspresyon na ipinapakita ng mukha, galaw ng katawan, at kumpas ng kamay.


SUBSCRIBE
Teacher Arlene

Ito ay mabisang paraan upang matukoy ang kahulugan ng salita sa mambabása, manonood, o nakikinig.



**Gawain sa Pagkatuto Bílang 1:** Tukuyin ang tamang salita batay sa ugnayang salita-larawan na násà kahon sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.




| | | | |
|---|---|---|---|
| humihingi | umiiyak | natutulog | pinapahinto |






1. humihingi

2. pinapahinto

| humihingi | umiiyak | natutulog | pinapahinto |
|---|---|---|---|




3. umiiyak



4. natutulog



**Gawain sa Pagkatuto Bílang 2:** Hanapin ang angkop na larawan at ekspresyon ng mukha na nagpapahayag sa kahulugan ng salita. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.







A. 1. Nagalit

C. 2. Nagulat

B. 3. Natuwa

D. 4. Nalungkot

**Gawain sa Pagkatuto Bílang 3:** Bigkasin at isulat sa patlang ang nawawalang letra sa Alpabetong Filipino. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

A B C D E F G H I J K

L M N Ñ NG O P Q R S T

U V W X Y Z




SUBSCRIBE Teacher Arlene

# Si Danilo, Ang Masipag na Traffic Enforcer

Siya si Danilo. Siya ay araw-araw na násа kalsada. Pinapanatili niyang maayos ang daloy ng trapiko. Kahit mainit ang panahon, tuloy pa rin siya.













SUBSCRIBE Teacher Arlene




Stop, go, ang kumpas ng kaniyang mga kamay. Maglakwatsa sa oras ng trabaho ay ayaw niya, sabay iling sa lalaking nagyayaya sa kaniya. Iyan si Danilo, masipag na traffic enforcer.

**Gawain sa Pagkatuto Bílang 4:**

Sagutin ang mga tanong. Isulat iyong sagot sa iyong kuwaderno.




1. Sino ang násà kalsada araw-araw?

**Si Danilo**

2. Ano ang gawain ng traffic enforcer?

**Pinapanatili niyang maayos ang daloy ng trapiko.**



3. Ano ang mga galaw na ipinakita o sinabi sa kuwento?

**Stop, go, ang kumpas ng kaniyang mga kamay**




4. Ano sa palagay mo ang makikita mong ekspresyon sa mukha ng isang traffic enforcer kapag maayos ang daloy ng trapiko?

**Masaya siya.**

**Gawin sa Pagkatuto Bílang 4:** Punan ang mga patlang. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


Bahay-kubo, kahit munti.
Ang halaman
doon ay sari-sari.

Binabati kita! Natapos mo na ang Ika-4 Linggo sa Ika-2 Markahan ng ating aralin!

